

# PROLOGUE

Pinahid ni Ella Ynfante ang luha niyang umagos sa kanyang magkabilang pisngi at tumingin sa mga bituin. Ito na yata ang pinakamalungkot na gabi sa buong bahay niya.

Sa edad niyang labing-isa, mukhang hindi nasuklay ang hanggang balikat niyang buhok at ang salamin niya sa mata ay sing-kapal ng ilalim ng bote ng *Coke*. Hindi siya matatawag na maganda at alam niya iyon, pero kahit kailan ay hindi niya naisip na pangit siya. Ngayong araw lang niya nalaman iyon. Tinawag kasi siyang ‘pangit’ ng mga kalaro niya kanina sa plaza.

Uuwi na sana siya pero naisip niyang magtatanong kaagad ang mommy niya kapag nakita siya nitong umiiyak. Minabuti niyang pumunta muna sa bahay ng best friend niyang si Bea Alejandro. Magpapalipas siya ng oras doon hanggang bumuti na ang pakiramdam niya.

Malas nga lang at wala si Bea. Kumain daw ito sa labas kasama ang pamilya nito. Pinapasok na lamang siya ng maid ng mga Alejandro kaya heto siya ngayon, nakaupo sa swing set sa veranda ng bahay ng best friend niya... nag-iisa at umiiyak.

“Ella?”

Tila naestatwa ang dalagita sa narinig na boses-lalaki. Tinig iyon ni Xavier Alejandro, ang kuya ni Bea. Tumingala siya at

nakita niyang nakatayo ito sa harapan niya habang may hawak na basketball.

Fourteen pa lamang si Xavier pero mukha na itong sixteen. Noong una niyang nakilala ito, tisoy ang unang salita na pumasok sa isip niya. Matangkad ito, maputi, at mestizo. May biloy ito sa dalawang pisngi na lumalabas tuwing ngumingiti ito.

Hindi niya alam kung bakit ngunit parang natataranta siya tuwing kaharap niya ito. Biglang nagiging blanko ang isip niya. Tulad ngayon, kaya kaagad niyang inayos ang expression sa kanyang mukha para hindi nito mahulaan na umiyak siya.

“Xavier, nandito ka pala. Akala ko kumain kayo sa labas.”

“Hindi ako sumama,” anito. “May laro kasi kami sa liga.”

“Ah, sige uwi na ’ko.” Tumayo siya para umalis na ngunit lumapit sa kanya si Xavier.

“May problema ba?” kunot-noong tanong nito. Hinawakan nito ang braso niya at sabay silang naupo.

“Wala, hinahanap ko lang si Bea,” sagot niya.

Sumandal ito sa swing at ngumiti sa kanya. “Ella, ilang taon na ba kayong mag-best friend ni Bea?”

“Simula n’ong grade one.” Nagtaka siya dahil sa tanong nito.

“So kilala na kita mula n’ong six years old ka pa lang. Ibig sabihin kilala na kita at alam kong may problema ka. Ba’t ayaw

mong sabihin?”

“Nakakahiya kasi,” prangkang sagot niya. Hindi talaga niya alam kung paano simulang ikuwento kay Xavier ang nangyari.

“Sige na, sabihin mo na,” pamimilit nito. “Para mas madali, isipin mo na lang na ako si Bea.”

Nanlaki ang mga mata niya sa narinig. Napakahirap yatang isipin na ito ang kaibigan niya. Iba ang ngiti at kilos nito. Isa pa, hindi kumakabog nang malakas ang puso niya tuwing kaharap niya si Bea. “Sige, susubukan ko.”

Sinimulan niyang ikuwento ang nangyari sa plaza. Habang nagsasalita siya, napansin niyang tumiim ang mga bagang ni Xavier at dumilim ang anyo nito. Pagkatapos niyang magsalaysay, nagsalita ito sa seryosong tinig. “Ella, makinig ka sa ’kin. Importante ’tong sasabihin ko.”

“Ano ’yon?” nag-aalangang tanong niya.

“Kahit ano man ang sabihin nila, maganda ka,” sagot nito. “At matalino. Hindi madaling maghanap ng gan’on. Balang araw, maraming lalaki ang pipila para lang ligawan ka. Itaga mo ’yan sa bato.”

Hindi na napigilan ni Ella ang mapangiti dahil sa mga sinabi ng kausap. Napagtanto na niya kung bakit natataranta siya tuwing kasama niya ito. Malakas na pala ang tama niya rito.

# 1

Sumandal si Ella sa computer chair habang nakapako pa rin ang mga mata sa screen ng laptop niya. Kasalukuyang niyang ni-re-revise ang isang article tungkol sa weight loss na sinulat niya.

Bilang isang freelance writer, kailangan niyang magsulat ng articles tungkol sa iba-ibang paksa depende sa kliyente niya. Gusto niya ang trabaho dahil kontrolado niya ang oras niya at puwede siyang magtrabaho sa bahay lang nila.

Isa pa, mag-isa na lang siyang namumuhay. Nakapag-migrate na sa Amerika ang kanyang mga magulang at ang katulong na lamang ang kasama niya sa bahay. Matagal na siyang pinapasunod sa Amerika, siya lang naman ang ayaw.

Nasira ang kanyang concentration nang nag-ring ang cell phone niya. Kahit hindi pa niya tinitingnan ang caller ID, alam na niya kung sino ang tumatawag.

“Hello?”

“El, you won’t believe kung ano ang ibabalita ko sa ’yo,” ani Bea mula sa kabilang linya.

Napangiti siya sa tono ng kaibigan. Mukhang excited na excited ito dahil may bagong i-chi-chismis. “Ano na naman ba ’yan?”

“May bagong girlfriend ulit si Kuya.”

Muntik nang nabitiwan ni Ella ang cell phone niya. Napapikit siyang habang pinoproseso ng utak niya ang balita ni Bea. Pang-ilang girlfriend na ba ito ni Xavier so far? Pang-thirty-seven?

Labinlimang taon na ang nakakalipas, ngunit hindi pa rin niya nakakalimutan ang binata. Somewhere along the way, nawala ang mabait at palangiting Xavier na kilala niya dati. Nagbago lang ito noong nakipaghiwalay rito ang fiancée nitong si Christine tatlong taon na ang nakakaraan. Handa na sana ang lahat para sa kasal ng dalawa nang bigla itong umurong. Mula noon, wala nang sineryosong babae ang kapatid ni Bea.

Pero sigurado siyang nandoon pa rin ang fourteen-year-old boy na nagpalakas ng loob niya noon sa ilalim ng malamig at arogante nitong exterior ngayon.

“El, nandiyan ka pa ba?” nag-aalalang tanong ng kausap.

“Nandito pa,” walang ganang sagot niya.

“Akala ko kung ano na ang nangyari sa ’yo,” anito. “By the way, dito ka mag-dinner mamaya, ha. Hinahanap ka na ni Daddy. Ang tagal mo na raw hindi nakakapunta dito.”

*At makilala ang bagong girlfriend ni Xavier?* Bumuntong-hininga si Ella. Hindi niya puwedeng tanggihan si Bea. Hindi naman nito alam kung gaano kalakas ang tama niya sa kapatid nito. “Okay, sabihin mo kay Tita na pupunta ako diyan mamaya.”

“You’re the best, El. ’Bye.”

“Bye.”

Tumayo si Ella at tumungo sa dresser niya. Tinitigan niya ang reflection sa salamin at napabuntong-hininga ulit. Malamang maganda ang bagong girlfriend ni Xavier. Maganda, sexy, iyong tipo na puwedeng maging beauty queen o ramp model, iyong tipo na napakakinis na tingnan, at iyong tipo na hinding-hindi niya kayang abutin.

Samantalang siya? Daig pa ng buhok niya ang mga ahas sa ulo ni Medusa at mas makapal na ang salamin niya kaysa dati. Magtatanghali na pero naka-pajamas at oversized t-shirt lang siya.

Maybe once and for all, kailangan na niyang tanggapin na hindi magiging sila ni Xavier kahit kailan. Hindi lang talaga niya mapigilan ang umasa na baka mapansin siya nito. Umaasa pa rin siya na ma-re-realize nito balang araw na siya pala ang babae para rito.

*Gumising ka nga, saway niya sa sarili.*

Mabuti nga’t maghahapunan siya sa bahay ni Bea. Baka matauhan na rin siya sa wakas.

---

“What did you just say?” gulat na bulalas ni Xavier. Pinandilatan niya ang girlfriend na si Maureen.

*The Accidental Bride - Camryn Morrell*

---

Naghihintay sila ng in-order nilang pagkain sa isang restaurant. Dahil sa mga salitang sinambit ng kasintahan ay nawalan yata siya ng ganang kumain.

“Honey, hindi mo ba ’ko narinig?” nagtatampong saad nito. Naglambitin ito sa leeg niya at sumimangot. “Sabi ko I think it’s time that we take our relationship to the next level.”

Tumikhim siya at pinilit ngumiti sa nobya. Hindi na niya gusto ang takbo ng usapan. Ano ba kasi ang pinagsasabi nito na ‘next level’? Baka naman... kasal na ang ibig sabihin nito. He shuddered at the thought.

Unang-una, dalawang buwan pa lamang ang nakalipas mula nang nakipagkilala siya rito sa grocery. Hiningi niya ang number nito at naging girlfriend niya ito two weeks later. Ngunit pinagsisisihan na niya ang pakikipagkilala rito. Masyado kasi itong clingy. Ang gusto nito ay magkasama sila beinte-cuatro oras sa isang araw.

“A-anong next level?” aniya na kunwari ay hindi niya alam ang ibig sabihin nito.

“I think it’s time na pumili na ’ko ng engagement ring.” Ngumiti si Maureen at nalantad ang perpekto at mapuputing ngipin nito.

Biglang naalala ni Xavier kung bakit siya nakipagkilala rito in the first place. Napakaganda kasi ng ngiti ng babae. Puwede na itong maging model ng toothpaste. Ubod-sexy rin ito with

luscious curves in all the right places. Katakam-takam nga kung ituturing.

Napailing siya habang nakatitig pa rin sa mga labi nito. Kahit gaano ito ka-sexy, hindi niya puwedeng ipagbale-wala na humihingi na ito sa kanya ng engagement ring pagkatapos lamang ng dalawang buwan na pakikipag-date dito. Biglang nabuo ang desisyon niya.

“Hon, I think it’s time we take a break...” simula niya.

“What?” gulat na tanong nito. Nawala kaagad ang ngiti sa mga labi nito. “Are you breaking up with me?”

“Hindi naman ’yan ang sinabi ko.”

“Pero ’yon pa rin ang ibig mong sabihin,” kontra nito.

“Kung ’yan ang pagkakaintindi mo, then fine.”

“Xavier, please, tell me you’re joking.” Namutla ito at lalong humigpit ang pagkakapit nito sa leeg niya.

Tinitigan niya ito. “Hindi ako nagbibiro.”

“Pero bakit?” naluluhang sabi nito. “We’re so perfect for each other.”

“On the surface, siguro oo.” Inalis niya ang mga kamay nito sa kanyang leeg. “But we’re too different. Gusto mo nang mag-settle down and I don’t.”



“I don’t believe this,” ani Maureen. Tumayo ito at pinukulan siya ng matalim na tingin. “Babalik ka rin sa ’kin, Xavier. Itaga mo ’yan sa bato.”

Hindi na siya sumagot. He watched as she walked out of the restaurant. Parang nabunutan siya ng tinik sa lalamunan.

Huli na nang dumating ang in-order nila. Mag-uumpisa na sana siyang kumain nang biglang nag-ring ang cell phone niya.

“Hello?”

“Xavier?” anang lalaki sa kabilang linya. “Si Atty. Hernandez ’to. Puwede ka bang pumunta sa opisina ko?”

“Ngayon?”

“Yes, kung pupuwede sana,” anito. “It’s about your grandfather’s will.”

At nagpunta nga siya sa opisina ng abogado. Nadatnan niya roon ang ama at kapatid. At nagsimula ang pagbabasa ng last will and testament ng kanyang lolo.

“Seryoso ba talaga ’to?” galit na hiyaw ni Xavier.

Lalo siyang nairita nang nakita niyang nakangisi ang daddy niyang si Mr. Isidro Alejandro. May self-satisfied look sa mukha nito at parang masayang-masaya ito. Binalingan siya nito. “You deserve it.”

Tumikhim si Atty. Narciso Hernandez para maibalik ang

## *The Accidental Bride - Camryn Morrell*

---

atensyon nila rito. Katatapos lang nitong basahin ang testamento ng lolo niyang yumao isang buwan na ang nakakalipas. Tuso at matalino ang matanda. May pagkakuripot din ito kaya alam nito kung saan napupunta ang bawat sentimo ng pera nito. Marami itong nalikop na properties at nakapag-invest din ito sa maraming negosyo.

Ayon sa testamento, hinati ni Lolo Efren ang properties nito sa tatlo, tig-iisa sila ng portion ng daddy niya at ng kapatid niyang si Bea. Wala na ang kanyang ina na si Anita sapagkat pumanaw na ito dalawang taon na ang nakakalipas dahil sa renal failure. Magpapasalamat na sana siya, ngunit may isang importanteng stipulation na kailangang matupad bago niya makuha ang kanyang mana. Kailangan niyang makapag-asawa bago ang thirtieth birthday niya! Kung hindi niya maisasakatuparan ang stipulation, mapupunta ang portion niya sa charity.

Napabuntong-hininga si Xavier. Twenty-nine na siya and his thirtieth birthday was in two months. Saan siya maghahanap ng mapapangasawa sa loob ng dalawang buwan? Ni wala nga siyang girlfriend.

Isa pa, wala siyang balak na magpakasal. Tuwing naaalala niya ang kahihyan na dinanas noong biglang humindi si Christine sa kasal nila, parang gusto niyang itago ang pagmumukha niya sa mga tao. Hinding-hindi na siya papayag na muling masaktan nang ganoon.

To make matters worse, walang stipulation sa testamento

tungkol sa mana ni Bea. Makukuha nito ang portion nito kapag handa na ang lahat.

Napailing siya dahil sa naisip. Kahit na nasa kabilang buhay na ito, naiparating pa rin ng lolo niya na wala itong tiwala sa kanya.

Kung tutuusin, mabubuhay naman niya ang sarili at ang magiging pamilya kahit wala ang mana ng abuelo. May negosyo siyang buy-and-sell ng mga secondhand na sasakyan at may tatlong branches na iyon.

Pero hindi pa rin niya maaliss sa isip na parang hinahamon siya ng lolo niya. Alam nitong ayaw na ayaw, or more accurately, takot siyang magpakasal kaya iyon ang pinipilit nito sa kanya.

“Actually, Kuya, nakakatawa nga kung iisipin,” ani Bea. Humagikgik pa ito na parang tuwang-tuwa. “Ngayon pa lang, nag-e-enjoy na ’ko habang pinapanood ko ang expression sa mukha mo.”

“Subukan mo kayang maghanap ng mapapangasawa in two months,” angil niya. “Tingnan lang natin kung matatawa ka pa.”

“Marami ka namang girlfriend.” Ayaw pa ring magpatalo nito. “Ba’t hindi mo pakasalan ang isa sa kanila?”

He shuddered at the thought na isang tulad ni Maureen ang mapapangasawa niya. Kung naghahanap siya ng trophy wife, perfect sana ito. Kaya lang baka mabaliw siya kung ito ang

kaharap niya araw-araw.

Natigil ang pag-iisip niya nang tumayo si Mr. Alejandro. Umiling ito sa kanya na parang wala na siyang pag-asa. “Kailan ka pa ba magseseryoso sa buhay, Xavier?”

---

Patakbong lumabas si Ella sa bahay nila. Ilang streets lang naman ang layo ng bahay ni Bea sa kanila kaya puwede niyang lakarin. Ang problema ay male-late pa rin siya dahil may dinagdag pa palang article ang kliyente. Kinailangan niyang isulat at i-email kaagad para makaabot sa deadline.

Humihingal siya at pawis na pawis nang makarating siya sa harap ng bahay ng mga Alejandro. Nanlamig ang buong katawan niya nang makita si Xavier. Nakasandal ito sa kotse nito at nakatingala sa langit. Nagtaka siya dahil hindi nito kasama ang ibinalita ni Bea na bagong girlfriend nito. Wala rin ang usual na aroganteng ngiti sa mga labi nito.

Parang piniga ang kanyang puso sa nakita. Naalala niya ang gabing nahulog ang loob niya rito. Siya ang malungkot at nakatingala sa langit noon.

Baka this time ay siya naman ang kailangang magpasaya sa binata. Isa lang ang laging dahilan kung bakit pumapangit ang mood nito. Malamang pinagalitan uli ito ng daddy nito.

“Xavier?” aniya sa mahinang tinig.

“Ella?” Mukhang nagulat ito na nasa harap siya nito. “Ba’t nandito ka?”

“Inimbita kasi ako ni Bea na maghapunan sa inyo,” sagot niya. “Eh, ikaw? Ba’t nandito ka sa labas?”

“Nakaka-suffocate makasama si Daddy nang matagal.” Isang mapait na ngiti ang gumuhit sa mga labi nito. “Alam mo namang mainit ang dugo niya sa ’kin. Sa tingin niya, wala akong silbi.”

Nahihiya pa sana si Ella ngunit binale-wala niya iyon. Lumapit siya rito at sumandal din sa kotse nito. “Then, ipakita mo sa kanya na mali siya.”

“Na may silbi talaga ako?”

“Oo.” Nginitian niya ito. “Alam kong kaya mo.”

Napangiti na rin si Xavier. Sa pagkakataong iyon ay hindi na mapait o arogante kundi totoong masaya ang ngiti nito.

“Masarap pala ang pakiramdam na may naniniwala sa ‘yo.”